Chapter One

Sobra na ang pagmamadali ni Princess na makauwi. Ayaw niyang sumasakay sa taxi dahil mahal ang pamasahe, mababawasan ang kanyang 'kayamanan'. Ngunit mukhang hindi siya makakaiwas ngayon. Sobrang sosyal ang lugar na iyon kung saan nakipag-meet sa kanya ang isang client. Bawal ang pedicab, tricycle o jeep sa mall area. Kung maglalakad siya papunta sa sakayan ay masyadong mainit, mato-toast ang kanyang beauty. Ang dami at ang bigat pa ng mga dala-dalahan niya.

Kaya nang may isang puting kotse ang tumigil sa tapat niya, may bumabang magandang babae na matangkad mula sa passenger seat, ay kaagad niyang hinagip ang dalawang malalaking plastic bags. Binuksan niya ang car door sa likod at inihagis doon ang dalawang plastic bags bago isinara ang pinto. Ang pinto naman sa front passenger seat ng kanyang binuksan at ibinagsak ang katawan doon para maupo dahil sa sobrang pagod.

Sumandal siya sa upuan at bahagyang napapikit sa sarap na naramdaman mula sa air-conditioning unit ng sasakyan na may sobrang gaan sa ilong na amoy ng air freshener.

"Mama..." aniyang ni hindi tumingin sa driver, "sa Sta. Ana po tayo. Sa Plaza Hugo."

Umandar ang sasakyan. Inilabas ni Princess ang kanyang cellphone at nagpunta sa calculator. Kinuwenta niya ang kanyang kinita. Napangiti siya. Malaki-laki rin. Medyo mababawasan nga lang ng pamasahe niya sa taxi. Pero okay lang. Paminsan-minsan ay kailangan din ng katawan niya ng comfort.

Isinandal niyang muli ang likod at batok sa malambot na upuan ng sasakyan at pumikit.

Napasulyap sa kanya ang 'driver' ng 'taxi'—na hindi maiwasang mapangiti.

Nalibang si Princess sa pagsabay sa mga kanta, well, sa isip lang niya at hindi siya actually bumibirit, mula sa FM station kung saan naka-tune in ang car stereo. Gustung-gusto niya ang bass system niyon, parang hindi pang-taxi. Mayamaya mula sa kanyang backpack ay kinuha niya ang kanyang notebook, literal na writing notebook na pang-elementary, at sinilip ang listahan ng kanyang 'business clients'. Nilagyan niya ng check ang iba, ang ilan ay nilagyan ng note, asterisk o symbols na siya lang ang nakakaintindi. Inilabas din niya ang kanyang cellphone at nagpunta muli sa calculator. Ang mga nako-compute niya ay inililista niya sa notebook.

Pasulyap-sulyap sa kanya ang 'taxi driver'. Hindi nawawala sa mukha nito ang pagkakangiti.

Mayamaya pa ay natanaw na ng dalaga ang simbahan.

"Iikot lang po ninyo nang konti diyan sa may plaza, 'tapos doon ako bababa sa tapat na may vulcanizing shop," utos niya sa nagmamaneho.

Sumunod ito sa sinabi niya. Eksaktong inihinto siya sa

sinabi niyang puwesto.

Kinapa ni Princess ang kanyang wallet. Tumingin siya sa dashboard ng kotse. “Magkano po ang—” Hindi niya naituloy ang sasabihin. Napakunot ang noo niya.

Walang metro ang ‘taxi’ na sinakyan niya!

At nang sulyapan niya for the first time ang ‘taxi driver’ na nagmamaneho ng sasakyan, muntik nang mapalipat ang puso niya sa kanang bahagi ng kanyang dibdib.

Hindi ang tipikal na anyo ng isang Pinoy taxi driver ang nakita niya kundi isang tila bidang lalaki sa mga teen serye! Nakasuot ito ng plain white t-shirt, khaki shorts at rubber shoes. Ang mamahalin nitong sunglasses ay hindi sa mata nakatakip kundi sa likod ng magkabilang tainga nito. Alanganing ngingiti ito habang nakatitig sa kanya ang makalaglag-undies na chinito eyes nito.

Hindi siya makapagsalita kahit alam niyang nakabuka ang kanyang bibig. Iginala ng dalaga ang paningin sa loob ng kotse. Hindi iyon mukhang taxi. Binuksan niya ang pinto at sinilip kung may markings ang body ng sasakyan. Wala. Makinis na makinis iyon.

Saka nag-sink in kay Princess ang realization—private car iyon at hindi taxi!

At bakit siya isinakay ng heartthrob na ito?

Baka rapist ang walanghiya, naisip niya. Baka pagsamantalahan siya! Napakaraming baka...

Nagmamadaling kumuha siya ng two hundred pesos sa kanyang wallet—kahit masakit sa kanyang kalooban dahil malaking kabawasan iyon sa kanyang ‘kayamanan’—at ipinatong sa dashboard. Hinagilap niya ang kanyang mga plastic bags at nagmamadaling lumabas ng kotse saka nagtatakbo palayo. Hindi na niya isinara ang pinto.

"Miss, wait!" sigaw sa kanya ng lalaki.

Pero hindi na lumingon si Princess. Ang gusto niya ay makalayo na kaagad doon at baka kung ano pa ang gawin sa kanya!

Humihingal si Princess nang maipasok sa kanyang maliit na kuwarto ang dalawang plastic bags. Gusto niyang matiyak ang kanyang safety. Ini-lock niya ang pinto ng kanilang bahay at nakiramdam kung may kakatok.

Wala naman...

Makalipas ang halos kalahating oras at nang matiyak na hindi nga sumunod ang lalaki sa kanya, parang sobrang pagod na pagod na ibinagsak niya ang katawan sa kanyang folding bed. Napatingin siya sa yerong bubong.

Matagal...

Saka siya napahalakhak nang maalala ang insidente. *Ang tanga ko!* sigaw niya sa isip.

Bumangon siya at lumabas ng kuwarto para tingnan kung mayroon siyang puwedeng kainin. Hindi niya maiwasang mapangiti nang maalala ang porma ng 'taxi driver'.

"Cute siya, huh!" naisatinig niya. "Papa material. Sana hindi bakla!" Muli siyang napahalakhak.

At magana niyang kinain ang kaning lamig na dinatnan at ang natirang ulam ng kanyang ina at kapatid na isang pirasong lumpiang togue na may sawsawang maanghang na suka. Paminsan-minsan, sa pagitan ng mga pagsubo ay pumapasok sa isip niya ang imahe ng guwapong lalaking napagkamalan niyang taxi driver.

May pagkapasaway rin ang kumag, sa isip-isip ng dalaga. Hindi man lang sinabing hindi taxi ang kotse nito para hindi siya nagmukhang eng-eng kanina. Napalaki pa tuloy ang

'ibinayad' niya. Napangiwi siya nang maalala ang two hundred pesos na iniwan niya sa dashboard. Malaki-laki na rin iyon para sa kanya. Nakaramdam siya ng panghihinayang.

Tinapos niya ang pagkain para makapagsimula na siya sa kanyang mga raket.

Nineteen years old pa lang si Princess, pero siya na ang kumakayod para sa kanilang pamilya. Patay na ang kanyang ama. Ang nanay niya ay freelance therapist sa ilang kakilala nitong mayayamang matrona sa kanilang lugar. May bunso siyang kapatid na lalaki, si Patrick, fourth year high school student. Siya na ang nagpapaaral dito. Huminto na siya sa pag-aaral dahil kailangan na nga niyang rumaket.

Maayos ang buhay nila bago namatay ang kanyang ama. Isa itong taho vendor na maraming suki. Sarili nila ang maliit na bahay at lote kaya hindi sila umuupa—pagkain, kuryente, tubig at iba pang pangangailangan lang ang kailangang mai-raise na dahil okay ang benta ng taho ng tatay niya, nakakaya nito.

Nang mamatay ang kanyang ama, noon nagbago ang buhay nila. Napilitang kumayod ang kanyang ina. Hirap na hirap si Princess para lang makatapos sa high school. Bago nag-graduation ay nanalo siya sa isang art contest at nakatanggap ng premyong three thousand pesos. Doon siya nagsimulang maging 'raketera'.

Pagkatapos ng graduation niya sa mataas na paaralan ay nagtayo siya ng halu-halo store sa tapat ng bahay nila gamit ang tatlong libong piso na napanalunan. Maayos ang kita, nasasalo niya ang gastos nila sa maghapon pati na ang puhunan. Nang matapos na ang summer at bumagsak na uli ang ulan, nag-iba siya ng produkto; fishball, kikiam,

squidballs, banana cue, camote cue, turon, carioca at kung anu-ano pa with matching malamig na inuming may kaunting sago. Okay rin ang kita.

Isang kapitbahay nila ang napansin na maganda ang takbo ng kanyang tindahan. Dahil mas may pera, nagpagawa ito ng magandang tindahan na may mga mesa at upuan, may free cable TV, bukod sa mga itinitinda na niya ay nagdagdag pa ito ng sandwiches gaya ng burger at hotdog. Lumipat doon ang mga dati na niyang suki, and later on ay wala na halos bumibili sa kanya. Na-bankrupt si Princess, at isinara na niya ang kanyang business.

Back to the drawing board siya.

Hindi puwedeng hindi siya kikita. Ayaw niyang mahinto sa pag-aaral si Patrick na pangarap maging seaman. Madalas nitong sabihin, *"Pag nakasakay na ako sa barko, Ate Princess, ikaw naman ang mag-aaral. Ituloy mo ang pangarap mong makapagtapos ng Fine Arts."*

Mahilig siya sa arts and crafts. Kung hindi napatay ang kanyang ama at hindi niya kailangang huminto sa pag-aaral, Fine Arts sana ang kukunin niyang kurso sa isang state university kung saan siya nakapasa sa entrance exam.

Noong una ay gusto siyang pag-aralin ng kanyang inang si Aling Zeny sa college, ito na lang daw ang hahataw sa trabaho. Pero nang makita niyang pagod na nga ito sa pagmamasahe at pag-uwi sa bahay ay nag-uuwi pa ng gabundok na labahin ng kanilang mga kapitbahay na tamad maglaba, nadurog ang puso niya. Napaiyak si Princess sa awa sa ina. Sinabi na lang niya rito na okay lang na ma-delay ang pagkokolehiyo niya kaysa magkasakit ang ina dahil sa bigat ng trabaho.

Minsan ay nag-uwi ng lumang lifestyle magazine ang kanyang ina at may mahabang feature doon tungkol sa

paggawa ng accessories gamit ang beads. Nagkainteres si Princess, at palibhasa'y creative, nagsimula siyang magbuo ng bracelets, hikaw, phone accessories, at kung anu-ano pa gamit ang beads. Natuwa si Aling Zeny sa mga gawa niya at iaalok daw sa mga matronang suki nito sa massage.

Nang makarami na siya ng nabuo ay naglagay siya ng maliit na table sa harap ng bahay nila. Sa isang cute plasticware ay inilagay niya ang mga natapos niyang buuing accessories. Magkakahiwalay ang para sa mga bagets at sa mga matured na gusto pa ring pumorma. Para mabalanse niya ang presyo, twenty pesos ang pambagets, thirty pesos ang para sa mga medyo forgets na.

Umaga pa lang nang pumuwesto siya. Nagkagulo ang mga bagets sa pagbutingting pero walang bumili. Laging may tumitingin at nagagandahan pero hanggang ganoon lang. Pakiramdam tuloy ni Princess ay nalalamutak lang ang kanyang mga paninda.

Sumapit ang lunchtime na wala siyang nabenta ni isang piraso. Gayunpaman ay upbeat pa rin siya. Unang araw pa lang naman. Pagkakain, nang makapaghugas ng pinagkainan ay ibinalik niya sa mesa sa labas ang mga paninda. Ganoon uli ang sitwasyon. May mga tumitingin pero walang bumibili. Hanggang sa dumilim na. Gusto niyang madurog ang puso sa hiya sa sarili nang inililigpit na ang mga paninda.

Zero sa first day, naisip niya. Ano pa kaya sa mga susunod na araw?

Malungkot na pumasok siya sa silid at natulog.

Nagising siya sa malalakas na katok ng kanyang ina.

"Bakit po?" kaagad niyang tanong dito pagkabukas ng pinto.

Sa halip na sumagot, itinapat nito sa mukha niya ang mga perang papel.

"Sold-out ang mga bracelets mo!" anitong masayang-masaya. "Pinakyaw ni Madam na minasahe ko ngayon!"

Napanganga si Princess. Gusto niyang mapaiyak muli—pero ngayon ay sa tuwa na.

"Kaya kung meron ka pa riyan, huwag mo nang itinda," ani Aling Zeny. "Pagpunta ko sa isa ko pang suki, siya naman ang aalukin ko. Naku, baryang-barya sa mga iyon ang presyo mo."

Halos apat na beses sa isang linggo ay may minamasahe ang kanyang ina. Naisip ni Princess, kung laging kukuha ang mga iyon, maganda nang bilang ng loyal customers.

Pero naisip niya, "Inay, paano pag lahat sila ay nakabili na? Eh, di wala na uling o-order?"

Nagkibit-balikat ito. "Saka mo na isipin 'yon. Ang importante ay may kukuha ng mga ginawa mo. Malakas ba ang benta rito?"

Lumabas siya ng silid. Malungkot na sumagot sa ina. "Wala nga po, eh. Puro dumutdot lang."

"Hindi bale. May pagbebentahan ako ng mga iyan. Basta huwag kang malulungkot. Magaganda ang disenyo ng mga gawa mo at may quality. Papatok din 'yan."

Iyon ang isang gusto niya sa karakter ni Aling Zeny. Palaban. Positive thinker. At nagbibigay iyon ng moral boost sa kanya.

Kinabukasan, kahit bigo si Princess sa naging resulta nang nakaraang araw ay naglabas uli siya ng mesa at ng mga natirang panindang accessories. Ang iba kasi ay ang kanyang ina na nga ang magtitinda.

May dumaan na babaeng mataba, naka-jacket kahit mainit ang panahon, at naka-shades. Napasulyap ito sa paninda niya at lumapit. Nakita niya sa ID nito na nagtatrabaho ito sa call center.

"Ang gaganda nito!" anang babae. "Saan mo binili?"

"Ako po ang gumagawa," nakangiti niyang sagot.

"Mahusay ka, ha?" Nagpatuloy ito sa pagsusuri sa mga bracelets. "Magkano?"

"Thirty po ang isa..."

Binilang nito lahat ang bracelets. "Twenty-five pieces. Times thirty equals seven hundred fifty. Puwedeng seven hundred na lang?"

"O-opo!" mabilis niyang tugon.

Kumuha ng wallet ang babae at dumukot ng pambayad sa kanya.

Out of curiosity, tinanong niya ito. "Aanhin n'yo 'yan, Ma'am?"

"Ibebenta ko sa mga officemates ko. Addict sa accessories ang mga iyon. Minsan bibili uli ako sa 'yo."

"Sige po, salamat..."

Tumingin ito sa kanya. "Subukan mong mag-online selling, maganda rin 'yun."

"Online selling? Ano po iyon?"

Natawa ang kanyang kausap na para bang nakarinig ng isang lumang joke. "Gumawa ka ng accounts sa social media. I-post mo ang mga 'yan doon, with photos siyempre para makita nila ang hitsura. 'Tapos may mga online shops na puwede ka ring mag-member at magbenta."

Nakuha niya ang ibig nitong sabihin. "Sige po, try ko 'yun."

Nang makaalis ang babae, habang hawak niya ang seven hundred pesos ay gusto niyang tumili sa sobrang tuwa. Sold-out kaagad ang mga paninda niya ngayong araw. Maaga pa, pupunta muna siya sa simbahan at magpapasalamat sa Diyos.